Hulyo 30, 2021 Kautusang Tagapagpaganap 2021-16

**KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP NA NAGTATATAG NG TANGGAPAN NG PAGKAKAPANTAY-PANTAY**

**SAPAGKAT**, ako, si Gobernador JB Pritzker, ay nakatuon sa paglikha ng pantay na mga sistema at mga patakaran upang iwasto ang hindi makatarungan at hindi pantay na mga kondisyong panlipunan sa pamamagitan ng pagsulong ng pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagiging kabilang sa buong mga ahensya ng Estado at sa patakarang pampubliko; at,

**SAPAGKAT**, ang lakas ng Estado ng Illinois ay nagmumula sa pagkakaiba-iba ng populasyon nito at mula sa pangako nito sa patas na pagtrato at pantay na serbisyo para sa lahat ng mga residente; at,

**SAPAGKAT**, ang hindi pagkakapantay-pantay ay may epekto sa buong pamayanan, lalo na ang mga lubos na naapektuhan ng hindi pagkakapantay-pantay at kawalan ng katarungan sa istruktura, lipunan, at institusyon; at,

**SAPAGKAT**, ang Estado ng Illinois ay naglalayong itaguyod ang pagkamakatarungan at pagkakapantay-pantay at upang labanan ang labag sa batas na diskriminasyon at panggugulo sa lugar ng trabaho at para sa lahat ng mga residente; at,

**SAPAGKAT**, alinsunod sa Kautusang Tagapagpaganap 2018-02, ang posisyon ng Chief Diversity Officer ay itinatag sa loob ng Chief Compliance Office ng Gobernador; at,

**SAPAGKAT**, napakahalagang tiyakin ng Estado ng Illinois na ang mga ahensya ng gobyerno ng Estado at ang mga kawani nito ay naglilingkod sa lahat ng mga residente ng Illinois sa mga serbisyong pampubliko, mga programa, at mga aktibidad sa patas, inklusibo, at maaasahang pamamaraan;

**SAMAKATWID,** ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Illinois, sa pamamagitan ng bisa ng ehekutibong awtoridad na ipinagkaloob sa akin ng Artikulo V ng Saligang Batas ng Estado ng Illinois, iniuutos ko ang mga sumusunod:

Seksyon 1. Para sa mga layunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang sumusunod na mga termino ay tinukoy tulad ng nakalagay sa ibaba:

a. Ang "ahensya ng estado" ay nangangahulugang anumang tanggapan, kagawaran, ahensya, lupon, komisyon, o awtoridad ng Sangay ng Ehekutibo ng Estado ng Illinois sa ilalim ng hurisdiksyon ng Gobernador.
b. Ang mga "empleyado ng estado" ay nangangahulugang lahat ng mga opisyal, empleyado (kasama nang walang limitasyon ang mga full-time, part-time, at mga kontraktwal na empleyado), mga itinalaga (kasama nang walang limitasyon ang mga hinirang na may bayad at walang bayad), at mga taong may hawak na katulad na posisyon sa anumang Ahensya ng Estado.

Seksyon 2. Sa pamamagitan nito, ang Tanggapan ng Pagkakapantay-pantay ay nilikha sa loob ng Tanggapan ng Gobernador. Ang Gobernador ay kukuha ng isang Chief Equity Officer na mamumuno sa Tanggapan ng Pagkakapantay-pantay.

Seksyon 3. Ang Chief Equity Officer ang mamumuno sa mga pagsisikap ng Estado upang matiyak na ang Estado ng Illinois ay nangunguna sa pagkakapantay-pantay at pagiging kabilang na may mga layunin na tanggalin ang mga sagabal na institusyonal at sistemiko para sa mga taga-Illinois at lumikha ng pagkakataon at access para sa lahat ng mga pinaglilingkuran at kawani nito. Ang Chief Equity Officer ay dapat na:

a. Maglingkod bilang pinuno ng mga pagkukusa, batas, at patakaran ng pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagiging kabilang para sa Estado ng Illinois.
b. Kilalanin at iwasto ang mga hadlang sa pagkakapantay-pantay sa Estado.
c. Suportahan ang mga pagsisikap na nakatuon sa pagkakapantay-pantay sa buong Estado upang matiyak na ang mga serbisyo at mapagkukunan ay magagamit at naa-access ng lahat ng taga-Illinois.
d. Lumikha ng pangmatagalang imprastraktura at mga sistema, patakaran, at pamamaraan na nakatuon sa pagkakapantay-pantay na nagpapatakbo ng pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, pagiging kabilang sa loob ng mga ahensya ng Estado.
e. Itipon at gawing available sa publiko ang mga mapagkukunan ng pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagiging kabilang sa mga empleyado ng Estado at mga residente.
f. Iayos ang mga pagsasanay sa pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagiging kabilang na sumasalamin sa mga pinakamahusay na kasanayan.
g. Bumuo ng mga pang-Estadong pamantayan at mga hakbang sa pag-unlad ng pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagiging kabilang.
h. Makipagtulungan sa Chief Compliance Office upang gumawa ng mga hakbang upang maiwasan ang panggugulo, diskriminasyon, at gantihan sa buong gobyerno ng Estado.

i. Gampanan ang iba pang mga tungkulin na kinakailangan upang maisakatuparan ang mga layuning nakalagay sa Kautusang Tagapagpaganap na ito.

Seksyon 4. Ang lahat ng mga empleyado ng Estado ay dapat na lumahok sa taunang mga pagsasanay na nakatuon sa pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagiging kabilang ayon sa utos ng Chief Equity Officer.

Seksyon 5. Sa pagtatag ng Tanggapan ng Pagkakapantay-pantay, Kautusang Tagapagpaganap 2018-02, ang pagtatag ng Seksyon III ng posisyon ng Chief Diversity Officer sa loob ng Chief Compliance Office ay pinawalang-bisa.

Seksyon 6. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay humahalili sa anumang salungat na probisyon ng iba pang naunang Kautusang Tagapagpaganap.

Seksyon 7. Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay hindi tanggap ng anumang korte na may kakayahang sakop, ang kawalang bisa nito ay hindi makakaapekto sa iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring mabigyan ng epekto nang walang di-wastong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklara na maaaring hatiin.

Seksyon 8. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa kaagad sa oras na maihain ito sa Kalihim ng Estado.

**JB Pritzker, Gobernador**

Inisyu ng Gobernador Hulyo 30, 2021
Inihain ng Kalihim ng Estado Hulyo 30, 2021